



Mga pagbabago sa iyong 2022 na Handbook ng Miyembro

Seksyon 4. Mga benepisyo at serbisyo

Mga benepisyo ng Medi-Cal na saklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

Mga serbisyo sa outpatient (ambulatory)

Ang Provisional Postpartum Care Extension Program ay pinalitan na ng bagong Postpartum Care Extension Program.

Ang Postpartum Care Extension Program

Ang Postpartum Care Extension Program ay nagbibigay ng pinalawig na saklaw para sa mga miyembro ng Medi-Cal sa parehong panahon ng pagbubuntis at pagkatapos ng pagbubuntis.

Pinapalawig ng Postpartum Care Extension Program ang saklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. nang hanggang 12 buwan pagkatapos ng pagtatapos ng pagbubuntis anuman ang kita, pagkamamamayan, o katayuan sa imigrasyon at walang karagdagang aksyon ang kailangang gawin.

Rapid Whole Genome Sequencing

Ang Rapid Whole Genome Sequencing (rWGS), kabilang ang indibidwal na sequencing, tatluhanang sequencing para sa isang magulang o mga magulang at kanilang sanggol, at ultra-rapid na sequencing, ay sakop na benepisyo para sa sinumang miyembro ng Medi-Cal na isang taong gulang o mas bata at tumatanggap ng mga serbisyo sa ospital bilang inpatient sa isang intensive care unit. Ang rWGS ay isang umuusbong na paraan ng pagsusuri sa mga kondisyon sa tamang panahon para maapektuhan ang pangangalaga sa ICU ng mga batang isang taong gulang o mas bata pa. Kung kwalipikado ang iyong anak para sa California Children's Services (CCS), maaaring maging responsable ng CCS sa pagsaklaw sa pananatili sa ospital at sa rWGS.